

Mga bagong patakaran ng Ministry of Justice sa pag-apply para sa Refugee Status

**Kung ninanais Mag-aplay ng
refugee status**

isiping mabuti ang magiging kinabukasan

Sino ang mga refugees?

Ang mga refugees ay ang mga tumakas sa kanilang bansa dahil sa panganib ng kaapihan dulot ng kaibahan ng lahi, relihiyon, nasyonalidad o pulitikal na opinyon, o di kaya ay naiibang grupong sosyal ang kinabibilangan. Kung ang aplikante na pumunta ng Japan ay kinilala bilang isang refugee, pagkakalooban sya ng long term visa at maaaring magtrabaho ng walang limitasyon katulad ng mga Hapones. Ang pagbibigay ng long term visa ay maaari ding aprubahan sa pang-makataong kadahilanan.

Patakaran sa aplikasyon ng refugee status

- ① Ang mga refugee ay pupunta sa Immigration Bureau para mag-apply ng refugee status. Matapos mag-apply ng recognition of refugee status, maaring manatili sa Japan sa loob ng 6 na buwan subalit hindi puwedeng magtrabaho. Bibigyan siya ng 85000 yen kada buwan ng gobyerno para sa kanyang gastusin. Maigi ding mag-aral ng Nihongo sa Japanese language class o mga NPOs upang matutong makipag-usap sa mga Hapon at makapagtrabaho.
- ② Ang resulta ng aplikasyon para sa refugee status ay kalimitan ay hindi nakukukuha sa loob ng 6 na buwan kahit pumunta pa sa Immigration Bureau. Upang manatili sa Japan pagkatapos ng 6 na buwan, maaaring mabigyan ng Designated Activities visa, para tumira ng 6 na buwan ulit. Hindi na tatanggap ng libreng panggastos mula sa gobyerno ngunit pwede ng magtrabaho ng walang limitasyon maliban lamang sa adult-entertainment business.
- ③ Ang pahintulot ng pananatili ay 6 na buwan lamang. Dapat pumunta sa Immigration Bureau kada 6 na buwan para baguhin ang visa at mabigyan ng ekstensyon. Kung pagkatiwalaan na sa trabaho at matagal na sa pinapasukan, puwedeng mag-apply ng visa na Specialist in Humanities/International Services upang manatiling nakakapagtrabaho sa Japan.

Kung hindi makakuha ng refugee status

Pagkatapos ng 2 taon at hindi napahintulutan ang refugee status application, ngunit nais manatili sa Japan, maaaring tutulan ang resulta. Dati maaaring gawin ang proseso--- [Application of refugee status -> Not recognized -> Objection-> Dismissal] kahit ilang beses. Subalit mula 2017, ang proseso ay limitado na hanggang 2 taon lamang.

Aplikasyon para sa refugee status ng mga overseas students at trainee workers

Kung meron kang overseas study visa o industrial trainee visa at ikaw ay nag-apply ng refugee status, sapilitan kang ikukulong sa pasilidad ng immigration bureau. Ito ay upang mapigilan ang pagdami ng pamemeke ng refugee status application.

Marami ang napunta ng Japan gamit ang overseas student visa, umuutang sa mga kamag-anak para pambayad sa ahente, dahil nakita sa TV program sa kanilang bansa at naniwala na maaaring kumita ng 350000 yen kada buwan sa Japan. Subalit ang overseas student visa ay pinapayagang makapagtrabaho ng 28 oras lamang kada linggo. Dahil kulang ang kita, nag-aaplay ng refugee status. Dapat malamang hindi pinapayagan ang may overseas student visa o industrial trainee visa na mag-aplay para sa refugee status.

Sana ay isipin ang kinabukasan at iwasan ang mga bagay na hindi pinag-isipang mabuti.

Pagbibigay suporta sa biktima ng domestic violence

049-256-4290

① Pagsangguni sa FICEC

Pagsasaad ng mga nangyari

Kung kinakailangan

② Komunsulta sa kinauukulan

③ Bigyan sila ng proteksyon sa pansamantalang pasilidad na tanggapan. tanggapan.

④ Protektahan sila sa shelter ng FICEC

Tulongan silang mamuhay mag-isa

Pag-aaral ng Nihongo, pagsama papunta sa korte o immigration bureau, pagbigay ng pagpapayo sa alalahanin, sa pag-alaga ng bata, paghanap ng trabaho, pagpasok ng anak sa eskuwela, alalahanin sa kalusugan, mga pagproseso sa city hall, paghahanap ng tirahan at iba pa.

Kung ipinapakiusap ng pansamantalang pasilidad na tanggapan.

⑤ Pag-alis sa FICEC shelter

Pagbisita sa bagong tirahan

Paghihingi ng payo ng mga dayuhang mamamayan –Hotline Tel. No

0570-090911

Kung may problema gaya ng kapag pinagkaitang umupa ng tirahan, hindi pagtanggap ng kakaibang kultura, o problema sa asawa at iba pa, ang tanggapan ng Ministry of Justice ay nagbibigay pagpapayo ukol sa mga karapatang pangtao.

● **Petsa at Oras:**

Regular na araw--9:00 to 17:00 (sainyo ang bayad sa telepono)

● **Mga Wika:**

English, Chinese, Filipino, Portuguese, Vietnamese, Korean



★ Bagong Hiragana practice book

Sa FICEC Japanese lesson class, nagawa na ang bagong Hiragana practice book para sa adults, na nais matutong magsulat ng Hiragana.

Ang practice book ay naglalaman ng mga simpleng salita sa hiragana, at mga illustrations . Ano man ang inyong wika, matututo kayo ng Hiragana. Sali na tayo sa Japanese lesson class!

◆ **Japanese lesson class**

Tuwing Huwebes
10:00 ~ 12:00



◆ **Fujimi-shi International Forum**

Sinisimulan ang pagdiriwang kada taon sa pagtugtog ng Japanese drums.

Tiyak na masisiyahan kayo sa sari't-saring mga kultura. Kalahok ang FICEC sa mga palarong banyaga at pagpapahayag ng mga banyaga.

★ **Lugar:** 1F Multi hall ng Kirari Fujimi (Fujimi-shi cultural hall)

★ **Petsa at Oras:** Oktubre 7 (Sabado) 11:30 ~ 15:30

◆ **Ika- 8 na Bado-Tennis Tournament**

Ang Bado-Tennis ay bagong laro na sinimulan sa Fujimi-shi. Nilalaro ito sa badminton court, gamit ang sponge ball.

★ **Lugar:** Fujimi-shi general gymnasium

★ **Petsa at Oras:** Nobyembre 5 (Linggo) Pagpalista: 9:30. Simula ng palaro: 10:00

※ Pagpalista at pagpareserba sa : Fujimi-shi Educational Committee Tel. 049-251-2711

